# Cherishing Life

By Elder Neil L. Andersen
*Of the Quorum of the Twelve Apostles*

# Pagtatangi sa Buhay

Ni Elder Neil L. Andersen
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

April 2025 general conference

---

*Life is a most precious part of our Father's perfect plan, and by His decree we cherish and preserve life.*

*Ang buhay ay napakahalagang bahagi ng perpektong plano ng ating Ama, at sa Kanyang utos, itinatangi natin ang buhay at pinangangalagaan ito.*

Our Savior, Jesus Christ, taught us, "By this shall all men know that ye are my disciples, if ye have love one to another."

Itinuro sa atin ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, "Sa pamamagitan nito ay makikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pag-ibig sa isa't isa."

A bishop in Utah recently shared with me an outpouring of love in his ward for a young woman and her family. Through a series of beautiful events, the parents determined to return to the Savior and His Church. During the time they were distant from the Church, their teenage daughter was involved with a young man. Returning, this precious daughter felt immense love from her Heavenly Father during a Young Women testimony meeting. She determined to more fully live the commandments. She wrote, "I began the repentance process with my bishop."

Kamakailan, isang bishop sa Utah ang nagbahagi sa akin ng lubos na pagpapadama ng pagmamahal ng kanyang ward para sa isang dalagita at kanyang pamilya. Sa pamamagitan ng sunod-sunod na mga magagandang pangyayari, ang mga magulang ay nagpasiyang bumalik sa Tagapagligtas at sa Kanyang Simbahan. Sa mga panahong sila ay napalayo sa Simbahan, ang kanilang tinedyer na anak na babae ay nagkaroon ng relasyon sa isang binata. Sa pagbabalik, ang minamahal na anak na ito ay nakadama ng matinding pagmamahal mula sa kanyang Ama sa Langit sa isang pulong ng patotoo ng Young Women. Nagdesisyon siyang lalo pang susundin ang mga kautusan. Isinulat niya, "Sinimulan ko ang hakbang ng pagsisisi kasama ng aking bishop."

Soon after, she became ill. In her words: "[A] test showed … I was pregnant. I … began to cry. … My dad wrapped me in his arms and assured me everything [would] be OK. … My boyfriend … asked me to get rid of the baby. … I declined."

Pagkatapos niyon, siya ay nagkasakit. Sa kanyang mga salita: "[Isang] pagsusuri ang nagpakitang … buntis ako. Ako … ay nagsimulang umiyak. … Niyakap ako ng aking ama at tiniyak sa akin na [magiging] ayos lang ang lahat. … Sinabi ng kasintahan ko … na ipalaglag ko ang sanggol. … Hindi ako pumayag."

## Care for Those in Need

## Pangalagaan ang mga Nangangailangan

She continued: "I have received so much love and support from our ward family. It has been overwhelming. [My] bishop and Young Women president have gone above and beyond to show their love and support. … I have seen the Lord's hand … guiding me and my family. … A ward such as mine is the family everyone needs, especially a young woman in my position."

Nagpatuloy siya: "Nakatanggap ako ng labis na pagmamahal at suporta mula sa aming ward na itinuturing kong pamilya. Kamangha-mangha ito. Ang [aking] bishop at Young Women president ay labis-labis at sobra-sobra ang ginawa upang maipakita ang kanilang pagmamahal at suporta. … Nakita ko ang kamay ng Panginoon … na gumagabay sa akin at sa aking pamilya. … Ang ward na katulad ng mayroon ako ay ang pamilyang kailangan ng bawat isa, lalo na ng isang kabataang babae na katulad ko ng pinagdadaanan."

She and her family, and her ward family, lovingly welcomed her baby boy this past February.

Siya at ang kanyang pamilya, at ang kanyang ward na pamilya na rin niya, ay magiliw na tinanggap ang kanyang sanggol na anak na lalaki nitong Pebrero.

President Russell M. Nelson said, "A hallmark of the Lord's true and living Church will always be an organized … effort to minister to individual children of God … [ministering with loving-kindness] to the one, just as He did."

Sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson, "Ang katangian ng totoo at buhay na Simbahan ng Panginoon ay ang organisado[ng] … pagsisikap na maglingkod sa mga indibidwal na anak ng Diyos … [paglilingkod na may mapagpamahal na kabaitan] sa nangangailangan, tulad ng ginawa Niya."

## Helping Righteous Choices

## Nakatutulong na mga Tamang Pagpili

When a single woman discovers that she is expecting an unanticipated child, health concerns, spiritual turmoil, embarrassment, financial worries, educational questions, marriage uncertainty, and the sadness of shattered dreams can, in a moment of pain and bewilderment, lead a thoughtful woman to take steps that will bring deep pain and regret.

Kapag natuklasan ng isang single na babae na siya ay nagdadalang-tao nang hindi inaasahan, ang alalahanin sa kalusugan, espirituwal na pagkabagabag, kahihiyan, alalahanin sa salapi, mga katanungan sa edukasyon, walang kasiguruhang kasal, at ang lungkot dahil sa nasirang mga pangarap, sa isang sandali ng kapighatian at pagkabigla, ay maaaring maging dahilan para gumawa ang isang tulirong babae ng mga hakbang na magdudulot ng mas matinding sakit o kapighatian at pagsisisi.

For any listening who have experienced the deep pain and regret from having or participating in an abortion,please remember: Although we cannot change the past, God can heal the past.Forgiveness can come through the miracle of His atoning grace as you turn to Him with a humble and repentant heart.

Para sa mga nakikinig na naranasan na ang matinding sakit o kapighatian at pagsisisi dahil sa pagpapalaglag o pakikibahagi sa aborsiyon,tandaan: Hindi man natin mababago ang nakaraan, maaaring pagalingin ng Diyos ang nakaraan.Ang kapatawaran ay maaaring dumating sa pamamagitan ng himala ng Kanyang nagbabayad-salang biyaya kapag bumaling kayo sa Kanya nang may mapagpakumbaba at nagsisising puso.

Two words are often attached to the sanctity of mortal birth: life and choice. Life is a most precious part of our Father's perfect plan, and by His decree we cherish and preserve life; and we choose the continuation of life once conceived. We also treasure the gift of choice, of moral agency—helping to strengthen righteous choices

Dalawang salita ang kadalasang iniuugnay sa kasagraduhan ng mortal na kapanganakan: buhay at pagpili. Ang buhay ay napakahalagang bahagi ng perpektong plano ng ating Ama, at sa Kanyang utos, itinatangi natin ang buhay at pinangangalagaan natin ito; at pinipili nating ipagpatuloy ang buhay kapag ito ay nabuo.

approved by God that bring eternal happiness.

Pinahahalagahan din natin ang kaloob na moral na kalayaan sa pagpili—tumutulong na palakasin ang mga matwid na pagpiling inaprubahan ng Diyos na nagdudulot ng walang hanggang kaligayahan.

When a woman and a man are in such a fragile time, facing a crucial choice, our words, our hands, our hearts—spiritually, emotionally, and financially—can bless them to feel the Savior's love and, as President Henry B. Eyring has said, bring a clarifying adjustment to their spiritual eyes from "what they think they see" to "what they cannot yet see."

Kapag ang isang babae at lalaki ay nasa isang delikadong sandali, nahaharap sa kritikal na pagpili, ang ating mga salita, ating mga kamay, ating mga puso—sa espirituwal, emosyonal, at pinansiyal—ay maaaring magpala sa kanila upang madama nila ang pagmamahal ng Tagapagligtas at, gaya ng sabi ni Pangulong Henry B. Eyring, makapagdala ng pag-unawa sa kanilang espirituwal na mga mata, mula sa "inaakala nilang nakikita nila" tungo sa "hindi pa nila nakikita."

## The Doctrine of Mortal Life

## Ang Doktrina ng Mortal na Buhay

President Dallin H. Oaks said: "Our attitude toward abortion is not based on revealed knowledge of when mortal life begins. … It is fixed by our knowledge that … all of the spirit children of God must come to this earth for a glorious purpose, and that individual identity began long before conception and will continue for all the eternities to come."

Sinabi ni Pangulong Dallin H. Oaks: "Ang ating pananaw tungkol sa aborsiyon ay hindi nakabatay sa inihayag na kaalaman kung kailan nagsisimula ang mortal na buhay. … Ito ay itinakda ayon sa ating kaalaman na … lahat ng espirituwal na anak ng Diyos ay dapat makarating sa mundong ito para sa isang maluwalhating layunin, at ang indibidwal na pagkakakilanlan ay nagsimula bago pa man ang paglilihi at magpapatuloy magpakailanman."

The word of the Lord concerning the unborn, given voice through the First Presidency and the Quorum of the Twelve Apostles, has never varied and echoes the words of prophets through the ages, giving divine clarity to what the Lord has asked of us.

Ang salita ng Panginoon tungkol sa mga hindi pa isinisilang, na ipinaabot sa pamamagitan ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay hindi nagbago at tugma sa salita ng mga propeta sa lahat ng mga panahon, na nagbibigay ng banal na kalinawan sa kung ano ang iniuutos ng Panginoon sa atin.

"The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints believes in the sanctity of human life. Therefore, the Church opposes elective abortion for personal or social convenience, and counsels its members not to submit to, perform, encourage, pay for, or arrange for such abortions.

"Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay naniniwala sa kasagraduhan ng buhay ng tao. Samakatwid, ang Simbahan ay tutol sa sadyang pagpapalaglag para sa personal na ginhawa o panlipunan na kaginhawaan, at pinapayuhan ang mga miyembro nito na huwag sumailalim sa, magsagawa ng, maghikayat ng, magbayad para sa, o maghikayat ng gayong mga pagpapalaglag.

"The [Lord] allows for possible exceptions … when:

"Pinahihintulutan ng [Panginoon] ang mga posibleng eksepsyon … kapag:

Pregnancy results from rape or incest, or

Ang pagbubuntis ay bunga ng panggagahasa o incest [pagtatalik ng malapit na magkamag-anak], o

A competent physician determines that the life or health of the mother is in serious jeopardy, or

Nasuri ng isang mapagkakatiwalaang doktor na nanganganib ang buhay o kalusugan ng ina, o

A competent physician determines that the

Nasuri ng mapagkakatiwalaang doktor na

fetus has severe defects that will not allow the baby to survive beyond birth."

The First Presidency continues: "Abortion is a most serious matter. [Even in these rare situations] it should be considered only after the persons responsible have received confirmation through prayer"and counseled with others.

Thirty years ago, the Lord's prophets issued a proclamation to the world. It includes these words:

"We … declare that God has commanded that the sacred powers of procreation are to be employed only between man and woman, lawfully wedded as husband and wife.

"We declare the means by which mortal life is created to be divinely appointed. We affirm the sanctity of life and of its importance in God's eternal plan."

Nurturing and protecting life that is yet unborn is not a political position. It is a moral law confirmed by the Lord through His prophets.

## Speaking More Openly

A statement by President J. Reuben Clark Jr., who served in the First Presidency, beautifully describes our youth today: "The youth of the Church are hungry for things of the Spirit; they are eager to learn the gospel, and they want it straight, undiluted. They want to know about … our beliefs; they want to gain testimonies of [the] truth. They are … inquirers, seekers after truth."Let us speak more often with faith and compassion to our youth in our homes, and with each other in our Relief Society and elders quorum meetings, about the Lord's law of chastity, the sanctity of life, and the care of the unborn and their mothers.

A dear sister wrote to me of an experience she had decades ago: "As a 17-year-old … , I found myself pregnant with little to no support from my boyfriend. I felt ashamed and alone

may malulubhang depekto ang sanggol sa sinapupunan kaya hindi rin mabubuhay ang sanggol matapos isilang."

Ang Unang Panguluhan ay nagpatuloy: "Ang pagpapalaglag ay napakaseryosong bagay. [Kahit sa mga pambihirang sitwasyong ito] dapat isaalang-alang lamang ito matapos makatanggap ng kumpirmasyon sa panalangin ang mga taong responsable sa desisyong ito"at sumangguni na sa iba.

Tatlumpung taon na ang nakalipas, ang propeta ng Panginoon ay naglabas ng isang pagpapahayag sa mundo. Kasama ang mga salitang ito:

"Ipinapahayag … namin na [ang Diyos ay nag-utos na] ang banal na kapangyarihang lumikha ng bata ay nararapat lamang gamitin ng lalaki at babae na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas.

"Ipinapahayag namin na ang paraan ng paglikha ng buhay na mortal ay itinakda ng Diyos. Pinagtitibay namin ang kabanalan ng buhay at ang kahalagahan nito sa walang hanggang plano ng Diyos."

Ang pangangalaga at pagpoprotekta sa buhay na hindi pa isinisilang ay hindi isang politikal na posisyon. Ito ay isang moral na batas na pinagtibay ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta.

## Pagsasalita nang Mas Tapat at Tuwiran

Mahusay na inilarawan ni Pangulong J. Reuben Clark Jr., na naglingkod noon sa Unang Panguluhan, ang ating mga kabataan ngayon: "Ang mga kabataan ng Simbahan ay gutom sa mga bagay ng Espiritu; sabik silang matutuhan ang ebanghelyo, at nais nilang tuwiran ito at puro. Gusto nilang malaman ang tungkol sa … ating mga pinaniniwalaan; gusto nilang magkaroon ng patotoo sa mga katotohanang ito. Sila ay … mausisa, at mapaghanap ng katotohanan."Magsalita tayo nang mas madalas nang may pananampalataya at pagkahabag sa ating mga kabataan sa ating mga tahanan, at sa isa't isa sa ating mga miting sa Relief Society at elders quorum tungkol sa batas ng Panginoon sa kalinisang-puri, kasagraduhan ng buhay, at pangangalaga sa mga sanggol na hindi pa isinisilang at sa kanilang mga ina.

Isang butihing sister ang sumulat sa akin tungkol sa karanasan niya noon maraming taon na ang lumipas: "Noong ako ay 17-taong gulang, … , nabuntis ako at halos walang suporta mula

[but I] never considered [an abortion]. … I [had] my loving family and my bishop, with whom I met regularly for guidance. … I turned to God. I studied the scriptures … and prayed [and] found strength through my Savior and the repentance process. … I received an answer [to my prayers] that I could not deny. … It was heartbreaking, but I knew I would be placing my daughter for adoption. … I prayed for courage [and] felt the Savior's love so clearly through repentance, I know that God … answers prayers and strengthens us."

sa kasintahan ko. Nadama ko ang kahihiyan at pag-iisa [pero] hindi ko kailanman inisip na [magpalaglag]. … [Mayroon] akong mapagmahal na pamilya at ang aking bishop, na siyang regular kong kinakausap para magabayan ako. … Bumaling ako sa Diyos. Inaral ko ang mga banal na kasulatan … at nanalangin [at] nagkaroon ng lakas dahil sa Tagapagligtas at proseso ng pagsisisi. … Nakatanggap ako ng sagot [sa aking mga panalangin] na hindi ko maitatanggi. … Napakasakit nito, ngunit alam kong ipapaampon ko ang aking anak na babae. … Nanalangin ako na magkaroon ng lakas-ng-loob [at] malinaw na nadama ang pag-ibig ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagsisisi, alam kong ang Diyos … ay sumasagot sa mga panalangin at nagpapalakas sa atin."

A loving couple adopted the precious baby girl and taught her the gospel. She is now married with a beautiful family of her own.

Isang magiliw na mag-asawa ang umampon sa sanggol na babae at tinuruan siya ng ebanghelyo. Siya ay may-asawa na ngayon at may sarili nang masayang pamilya.

At times, profoundly difficult and agonizing uncertainty can accompany the protection of life.

Minsan, ang matinding hirap at sakit ng kawalan ng katiyakan ay maaaring kaakibat ng pangangalaga sa buhay.

Recently a young couple whom Kathy and I love wrote me about the precious baby they were expecting.

The father wrote: "[When my wife was] 10 weeks pregnant we found out that our miracle baby has the genetic condition of trisomy 21, commonly known as Down syndrome. We felt the pressure … from the medical field to consider termination. A few weeks later we discovered … our unborn child … would require multiple heart surgeries in her first year of life. Throughout this process as we prayed fervently for divine help, … we have felt the Spirit give us comfort. We received revelation and understanding that our daughter is an elite child of Heavenly Father and has an immense desire to be in our family and to come to earth."

Kailan lang isang bata pang mag-asawa na mahal namin ni Kathy ang sumulat sa akin tungkol sa pinakamamahal na anak na inaasam nila.

Isinulat ng ama: "[Noong] 10 linggong buntis [ang aking asawa], natuklasan namin na ang aming miracle baby ay mayroong genetic condition na trisomy 21, na mas kilala sa tawag na Down syndrome. Hinikayat kami … ng mga nasa larangan ng medisina na isaalang-alang ang pagpapalaglag. Ilang linggo ang nakalipas, natuklasan namin na … ang aming anak na hindi pa naisisilang … ay mangangailangan ng maraming operasyon sa puso sa unang taon ng kanyang buhay. Sa buong prosesong ito, habang kami ay nananalangin nang taimtim para sa tulong mula sa langit, … nadama namin ang Espiritu na nagbigay sa amin ng kapanatagan. Nakatanggap kami ng paghahayag at pang-unawa na ang aming anak na babae ay isang magiting na anak ng Ama sa Langit at may matinding pagnanais na mapabilang sa aming pamilya at pumunta sa daigdig."

The baby's mother wrote: "[We] were completely shocked, confused, and honestly devastated by the news. … When I was 14 weeks pregnant, we found out that our baby had multiple congenital heart defects, one that could be potentially fatal. We saw countless doctors and special-

Isinulat ng ina ng sanggol: "[Kami] ay labis na nagulat, naguluhan, at talagang nanlumo sa balita. … Noong ika-14 na linggo ng pagbubuntis ko, natuklasan namin na maraming depekto sa puso ang aming anak, na maaaring ikamatay niya. Nakipagkita kami sa napakaraming doktor

ists from 10–18 weeks' gestation. … At each of our appointments, we were asked if we wanted to continue with the pregnancy or terminate. … The Savior healed my heart and gave me a sense of peace and excitement about our baby girl. … [Heavenly Father] has shown me time and time again that He has a perfect plan for me [and] I trust Him."

at espesyalista mula sa ika-10 hanggang ika-18 linggo ng aking pagbubuntis. … Sa bawat pagbisita namin sa doktor, tinatanong kami kung gusto pa ba naming ituloy ang pagbubuntis o ipalaglag na ito. … Pinagaling ng Tagapagligtas ang aking puso at binigyan ako ng kapayapaan at pagkasabik sa aming anak na babae. … Paulit-ulit na ipinakita sa akin ng [Ama sa Langit] na mayroon Siyang perpektong plano para sa akin [at] nagtitiwala ako sa Kanya."

They excitedly welcomed their baby girl exactly one week ago today. She is theirs and they are hers forever.

Tuwang-tuwa nilang tinanggap ang kanilang sanggol na anak na babae eksaktong isang linggo na ngayon. Siya ay sa kanila at sila ay kanya magpakailanman.

Undaunted faith and remarkable courage are hallmarks of disciples of Jesus Christ.

Ang matibay na pananampalataya at pambihirang tapang ay mga katangian ng mga disipulo ni Jesucristo.

## A Remarkable Example of Faith

## Isang Kahanga-hangang Halimbawa ng Pananampalataya

Through the years, I have had the privilege of meeting with men and women who have humbly sought to return to the covenant path and to their priesthood and temple blessings many years after a loss of their membership.

Sa loob ng maraming taon, nagkaroon ako ng pagkakataong makausap ang mga lalaki at babae na mapagpakumbabang naghahangad na bumalik sa landas ng tipan at sa kanilang mga pagpapala sa priesthood at templo pagkaraan ng maraming taon matapos mawala ang kanilang pagiging miyembro.

On one occasion, I was to interview a man on behalf of the First Presidency for the restoration of his priesthood and temple blessings.

Sa isang pagkakataon, ininterbyu ko ang isang lalaki bilang kinatawan ng Unang Panguluhan para sa pagpapanumbalik ng kanyang priesthood at mga biyaya sa templo.

After his marriage in the holy temple, and after having three wonderful children, the man was unfaithful to his wife and his sacred covenants. A single woman became pregnant and wanted an abortion.

Matapos ang kanyang kasal sa banal na templo, at pagkatapos magkaroon ng tatlong magagandang mga anak, ang lalaking ito ay hindi naging tapat sa kanyang asawa at sa kanyang mga sagradong tipan. Isang single na babae ang nabuntis at gustong magpalaglag.

The husband's saintly wife pleaded with the woman to have the baby and promised that she would raise the child, once he was born, with her own children.

Ang mapagpakumbabang asawa ng lalaking ito ay nagmakaawa sa babae na ibigay na lang sa kanya ang sanggol at nangakong palalakihin niya ang bata kapag isinilang na ito, kasama ng kanyang sariling mga anak.

The single woman thoughtfully agreed not to end the pregnancy.

Nag-isip na mabuti ang single na babae at pumayag na hindi na magpalaglag.

It had now been 10 years. The humble sister sitting in front of me loved the boy as her own and told me of her husband's efforts to make amends and to love and care for her and the family. The father wept as she spoke.

Sampung taon na ang nakalipas. Ang mapagpakumbabang sister na nakaupo sa harapan ko ay minahal ang batang lalaki at itinuring na tunay na anak at ikinuwento niya ang pagsisikap ng kanyang asawa na bumawi at mahalin at pangalagaan siya at ang kanyang pamilya. Umiyak ang ama habang nagsasalita ang babae.

How could this noble woman of God take a

Paano nagawa ng dakilang babaeng ito ng

child as her own who could be a daily reminder of the unfaithfulness of her husband? How? Because she found strength through Jesus Christ and she believed in the sacredness of life, the holiness of life. She knew the unborn child was a child of God, innocent and pure.

My dear brothers and sisters, the diminishing love for unborn children worldwide is a grave concern. God cherishes life. It is His work and His glory to bring immortality and eternal life to His children.As disciples of Jesus Christ, we cherish life. "By this shall all men know that ye are my disciples, if ye have love one to another."May we share our love even more abundantly with those who need us so desperately. I express my love for you and our Heavenly Father's love for His children coming to earth. In the name of Jesus Christ, amen.

Diyos na ituring ang isang bata bilang kanyang sariling anak na maaaring maging araw-araw na paalala sa kanya ng kataksilan ng kanyang asawa? Paano? Dahil siya ay nakahanap ng lakas sa pamamagitan ni Jesucristo at siya ay naniniwala sa kasagraduhan ng buhay, sa kabanalan ng buhay. Alam niya na ang batang hindi pa naipapanganak ay anak ng Diyos, inosente at dalisay.

Mahal kong mga kapatid, ang unti-unting paglaho ng pagmamahal sa mga batang hindi pa isinisilang sa buong mundo ay lubhang nakakabahala. Itinatangi ng Diyos ang buhay. Ang Kanyang gawain at kaluwalhatian ay isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang-hanggan ng Kanyang mga anak.Bilang mga disipulo ni Jesucristo, itinatangi natin ang buhay. "Sa pamamagitan nito ay makikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pag-ibig sa isa't isa."Nawa'y ibahagi natin ang ating pagmamahal nang mas higit pa sa mga labis na nangangailangan sa atin. Ipinahahayag ko ang aking pagmamahal para sa inyo at ang pagmamahal ng Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak sa daigdig. Sa pangalan ni Jesucristo, amen.